


APATNAPŪNG-ARAW 2010



Isáng pusong tapát sa akin ay likhaín
Bigyán mo, O Diyós, ng bagong damdamin.

Awit 51

www.magsimba.com

Icon "Umuwí ang Pasawáy na Anák" ni Sor Marie Paul

IKÁW, HESÚS, ANG KALÁGITNAAN NG AKING BUHAY

PEBRERO 14, 2010
MAGSIMBA PRESS
WWW.MAGSIMBA.COM

MGA PAGBASA SA MGA LINGGÓ SA APATNAPÚNG-ARAW "C"

	1	2	3	4	5
1 Pagbasa	Deuteronomio 26:4-10	Genesis 15:5-12, 17-18	Exodo 3:1-8a, 13-15	Josue 5:9a, 10-12	Isaias 43:16-21
Salmo	Salmo 91:1-2, 10-11, 12-13, 14-15	Salmo 27:1, 7-8a, 8b-9, 13-14	Salmo 103:1-2, 3-4, 6-7, 8+11	Salmo 34:2-3, 4-5, 6-7	Salmo 126:1-2a, 2b-3, 4-5, 6
2 Pagbasa	Roma 10:8-13	Filipos 3:17-4:1 or 3:20-4:1	1 Corinto 10:1-6, 10-12	2 Corinto 5:17-21	Filipos 3:8-14
Pambungad	Mateo 4:4b	cf. Mateo 17:5	Mateo 4:17	Lucas 15:18	Joel 2:12-13
Mabuting Balitâ	Lucas 4:1-13	Lucas 9:28b-36	Lucas 13:1-9	Lucas 15:1-3, 11-32	Juan 8:1-11
Leksyonaryo Bilang	24	27	30	33	36

INDEX

Mga Pagbasa sa mga Linggó sa Apatnapung-Araw "C"	2
Index.....	2
Pagninilay-nilay: "You Are My Beloved"	3
"1 Linggó ng Apatnapung-araw – C"	4
Pagbasa mula sa Aklát ng Deuteronomio 26:4-10	4
Awit 91	4
Pagbasa mula sa Sulat ni San Pablo sa mga Tagá-Roma 10:8-13	5
Pambungad.....	6
Ang Mabuting Balitâ ayon kay San Lucas 4:1-13	6
"2 Linggó ng Apatnapung-araw – C"	7
Pagbasa mula sa Aklát ng Genesis 15:5-12, 17-18	7
Awit 27	8
Pagbasa mula sa Sulat ni San Pablo sa mga Tagá-Filipos 3:17-4:1 o 3:20-4:1	8
Pambungad.....	9
Ang Mabuting Balitâ ayon kay San Lucas 9:28b-36	9
"3 Linggó ng Apatnapung-araw – C"	10
Pagbasa mula sa Aklát ng Exodo 3:1-8a, 13-15.....	10
Awit 103	11
Pagbasa mula sa 1 Sulat ni San Pablo sa mga Tagá-Corinto 10:1-6, 10-12	11
Pambungad.....	12
Ang Mabuting Balitâ ayon kay San Lucas 13:1-9	12
"4 Linggó ng Apatnapung-araw – C"	13
Pagbasa mula sa Aklát ng Josue 5:9a, 10-12	13
Awit 34	14
Pagbasa mula sa 2 Sulat ni San Pablo sa mga Tagá-Corinto 5:17-21	14
Pambungad.....	15
Ang Mabuting Balitâ ayon kay San Lucas 15:1-3, 11-32	15
"5 Linggó ng Apatnapung-araw – C"	17
Pagbasa mula sa Aklát ng Isaias 43:16-21	17
Awit 126	17
Pagbasa mula sa Sulat ni San Pablo sa mga Tagá-Filipos 3:8-14.....	18
Pambungad.....	19
Ang Mabuting Balitâ ayon kay San Juan 8:1-11.....	19
'Taás ang Krus	21
Hesús, Tandaán Akó	22

PAGNINILAY-NILAY: "YOU ARE MY BELOVED"

Ni Padre John Foley, S.J.

St. Louis University Center for Liturgy

© 2010 St. Louis University Center for Liturgy. Used by permission.

Jesus was swept into the desert by a voice that said “You are my beloved Son; with you I am well pleased.” ([Luke 3:21-22](#)).

These were God’s words. Notice that they are nearly the same as what God had uttered eight hundred years before:

“Behold my servant, whom I uphold, my chosen in whom my soul delights, upon whom I have put my spirit; he shall bring forth justice to the nations” ([Isaiah 42: 1-4](#)).

Suddenly the voice of God is speaking again to his servant, making it quite clear that Jesus is that chosen one.

Was Jesus surprised to hear this? In some ways, no. He already knew in his deepest soul and all the way outwards how close he was to God. Yet he was simultaneously human, and completely so. Therefore, in another way, he was shocked. He had read and re-read the Isaiah passage above since he was at his mother’s knee. Now it all clicked into place. He was the chosen one.

Jesus needed to ponder this stunning message. He had to listen in silence and with an openness so holy that it would seem almost like emptiness. So he went to the desert.

For his part, the devil had already known about Jesus, with a dumb and greedy knowledge, from the moment the Jesus-child was born. Satan knew that this great servant of God could be used for ulterior motives. His strength, his God-like holiness, the fame he would acquire, all could become a tool for subjecting the world to Satan.

He slithered up to the hungry Jesus. “No point in being empty,” the sly tempter said. “Just give a Godly command and this stone will turn into bread.” In other words, You are God, aren’t you? Take whatever you want. Have a great life!

Note to reader: How do you assuage your hunger?

Jesus answered from the scriptures. “One does not live by bread alone.” These words paraphrase Moses’ great second speech to the people of Israel:

Not by bread alone does man live, but by every word that comes forth from the mouth of the Lord” ([Deuteronomy 8:3](#)).

The devil, rapacious, scurried on to a second temptation, this time to glory. Join me, worship me. All the kingdoms in the world will be yours, as they already are mine. (Translation: you can be bigger than this heavenly father of yours.) Jesus answers, “You shall worship the Lord your God, and him alone shall you serve” (see [Deuteronomy 6:13](#)).

Note to the reader: what do you and I worship and serve—instead of God?

Two temptations have failed. As we know, “even the devil can quote scripture,” so he uses Psalm 91—the part about God commanding angels to guard the beloved one ([verses 11 and 12](#)). Just throw yourself off these heights, the devil suggests smoothly. God’s angels will have no choice, they will have to come save you. Take advantage of who you are.

Note to the reader: Don’t you want to show off your power sometimes?

Jesus again answers from the same book of scripture ([Deuteronomy 6:16](#)), “You shall not tempt the Lord your God.” The meaning: God the Father is first and above all. If you can bribe him to save you, then you will seem equal to him! But you aren’t.

Note to all people: do you sometimes think you are God?

You are invited to email a note to the author of this reflection: johnbfoley@yahoo.com.

"1 LINGGÓ NG APATNAPÚNG-ARAW – C"

PAGBASA MULÀ SA AKLÁT NG DEUTERONOMIO 26:4-10

Sinabi ni Moises sa bayan:

Ang mga unang bungang iaalay ay kukunin ng saserdote
at ilalagáy sa haráp ng altár.

Pagkatapos ay saysayín ninyó itó sa harapán ng Panginoón:

'Isáng pagalá-galáng Arameo ang aming ninunò.

Maliit ang kaniyang sambahayán,

nang magpunta silá sa Egipto upang doón makipamayan.

Ngunit dumating ang panahón

na ang angkán niyá'y nagíng malakí at makapángyarihang bansa.

Hindi mabuti ang ginawáng pakikitungo sa amin ng mga Egipcio.

Pinahirapan nilá kami at inalipin.

Kaya, dumulóg kami sa inyó,

Panginoón, Diyós ng aming mga ninuno.

At dininíg ninyó kami.

Nakita ninyó ang aming pagdurusa,

ang kahirapan at kaapihang dinaranas.

Sa pamamagitan ng inyóng kapángyarihan,

ng mga kakila-kilabot na gawá at mga kababalaghán,

inalís ninyó kami sa Egipto at dinalá sa lupaíng itóng sagana sa lahat ng bagay.

Kaya, narito ngayón, Panginoón,

ang unang bunga ng aming pananim sa lupaíng ibinigáy mo sa amin.'

Pagkasabi noón,

ang dalá ninyó'y ilalapag sa haráp ng altár,

saka kayó luluhód upang sambahín ang Panginoón."

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

AWIT 91

Tugón sa Salmo: 1 Linggó ng Apatnapúng-Araw

Em Am

Po - ón ko, a - kó'y sa - ma han sa du - sa

B Em Em

at ka - hi - ra - pan. Po - pan.

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Siyáng naghahangad ng pagkukop ng Kataas-taasan,
at nananatili sa kalinga niyong Makapangyarihan;
makapagsasabi sa kaniyang Panginoón: "Muog ka't tahanan,
ikaw ang aking Diyós, ang Diyós na tangi kong pinagtiwalaan."

Di mo aabuting ika'y mapahamak, at walang daratal
kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan.
Susuguin niyá ang maraming anghel, silá'ng susubaybay,

kahit saang dakó ikaw maparoon, tiyak iingatan.

Sa kanilang palad ay itatayo ka't, silá'ng magtataas
nang hindi masaktan ang mga paa mo sa batong matalas.
Kahit ang tapakan mo ay mga leon, ahas na mabagsik,
di ka maaano sa mga serpiyente't leong mababangis.

Ang sabi ng Diyós, "Aking ililigtas ang tapat sa akin,
at iingatan ko ang sino mang taong akó'y kikilalanin.
Pag silá'y tumawag, laging handa akó na silá'y pakinggan,
aking sasamahan at kung may hilahil ay sasakloloohan;
aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan."

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAGBASA MULÂ SA SULAT NI SAN PABLO SA MGA TAGÁ-ROMA 10:8-13

Mga kapatid:

Itó ang sinasabi ng Banál na Kasulatan:

"Malapit sa iyó ang salita,
nasa iyóng mga labi at nasa iyóng puso,"
ibig sabihí'y ang salitang pinangángaral namin tungkól sa pananampalataya.
Kung ipaháhayág ng iyóng mga labi na si Hesús ay Panginoón
at mananalig ka nang buóng puso na siyá'y muling binuhay ng Diyós,
maliligtás ka.

Sapagkát nananalig ang tao sa pamamagitan ng kaniyang puso
at sa gayó'y napawawaláng-sala;
at nagpápahayág sa pamamagitan ng kaniyang labi
at sa gayó'y naliligtás.

Sinabi ng Kasulatan,

"Hindi mabibigo ang sinumáng nananalig sa kaniyá.

"Waláng pagkakaibá ang katayuan ng Judio at ng Griego.

Iisá ang Panginoón ng lahát

at siyá ang nagkakaloób ng kaniyang kayamanan
sa lahát ng tumatawag sa kaniyá.

Sapagkát sinasabi sa Kasulatan,

"Maliligtás ang lahát ng tumatawag sa pangalan ng Panginoón."

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAMBUNGAD

40-Araw: Pambungad sa Mabuting Balitâ I

Musical score for 'Pambungad sa Mabuting Balitâ I'. The score is in G major and common time (C). It consists of two systems of music. The first system has a vocal line and a piano accompaniment. The vocal line starts with a whole rest, followed by the lyrics 'L'wal - ha - ti at pa - pu - ri sa'. The piano accompaniment has chords G, G7, C, D, and G. The second system also has a vocal line and piano accompaniment. The vocal line starts with a triplet of eighth notes 'yo, Pa - ngi - no - ong He - su - kris - to!'. The piano accompaniment has chords G, G7, C, D, and G. The score ends with a double bar line and repeat dots.

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Musical score for 'Ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa tinapay, kundi sa Salitang mu-la sa bibig na ba-nal ng Ama nating Maykapal.'. The score is in G major and common time (C). It consists of two systems of music. The first system has a vocal line with the lyrics 'Ang tao ay nabubu-hay__hindi__ la mang sa ti na - pay, kundi'. The second system has a vocal line with the lyrics 'sa Salitang mu - la sa bibig na ba-nal ng A ma nating Maykapal.'. The score ends with a double bar line and repeat dots.

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa tinapay, kundi sa Salitang mahal mula sa bibig na banal ng Ama nating Maykapal.

ANG MABUTING BALITÂ AYON KAY SAN LUCAS 4:1-13

Noóng panahóng iyón:

Umalís si Hesús sa Jordan,

puspós ng Espíritu Santo.

Dinalá siyá ng Espíritu doón sa iláng,

at sa loób ng apat-napung araw ay tinuksó ng diyablo.

Hindi siyá kumain sa buóng panahóng iyón,

kaya't gutóm na gutóm siyá.

Sinabi sa kaniyá ng diyablo,

"Kung ikáw ang Anák ng Diyós,

iutos mo na maging tinapay ang mga batóng itó."

Ngunit sinagót siyá ni Hesús:

"Nasusulat,

'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.'"

Dinalá siyá ng diyablo sa isáng nápakataás na lugar
 at sa isáng saglít ay ipinakita sa kaniyá
 ang lahat ng kaharian ng sanlibután.
 "Ibibigáy ko sa iyó ang lahat ng kapangyarihan
 at kadakilaan ng mga kahariang itó," wika ng diyablo.
 "Ipinagkaloób itó sa akin
 at maibibigáy ko sa kaninumáng ibigin ko.
 Kayá't kung akó'y sasambahin mo,
 magiging iyóng lahat itó."

Ssmagót si Hesús:
 "Nasusulat,
 'Ang iyóng Diyós at Panginoón ang sasambahín mo,
 at siyá lamang ang iyóng paglilingkurán.'"

At dinalá siyá ng diyablo sa taluktók ng templo ng Jerusalem,
 at sinabi sa kaniyá,
 "Kung ikaw ang Anák ng Diyós,
 magpatihulog ka,
 sapagkát nasusulat,
 'Ipagbibilin niyá sa kaniyang mga anghél na ingatan ka'
 at
 'Aalalayan ka nilá,
 upang hindi ka matisod sa bató.'"

Subalit sinagót siyá ni Hesús,
 "Nasusulat,
 'Huwág mong subukin ang Panginoón mong Diyós!'"

Pagkatapos siyang tuksuhin ng diyablo sa lahat ng paraán,
 itó'y umalis at naghintáy ng ibáng pagkakataon.

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

"2 LINGGÓ NG APATNAPÚNG-ARAW – C"

PAGBASA MULÂ SA AKLÁT NG GENESIS 15:5-12, 17-18

Noong mga araw na iyon,
 inilabas ng Diyós si Abram at sinabi sa kaniyá:
 "Masdan mo ang mga bituin!
 Mabibilang mo ba iyan?
 Ganyan karami ang magiging anak mo at apo."
 Nanalig si Abram,
 at dahil dito'y kinalugdan siyá ng Panginoón.
 Sinabi pa ng Panginoón kay Abram,
 "Akó ang kumuha sa iyo sa Ur ng Caldea
 upang ibigay sa iyo ang lupaing ito."

Itinanong naman ni Abram,
 "Panginoón, aking Diyós,
 paano ko malalamang itó'y magiging akin?"
 Sinabi sa kaniyá,
 "Dalhan mo akó ng isang baka,
 isang kambing, at isang tupa,
 bawat isa'y tatlong taon ang gulang.
 Magdala ka rin ng isang kalapati at isang batu-bato."

Dinala nga ni Abram ang lahat ng iyon
 at biniyák ang bawat isa maliban sa mga ibon.
 Inihanay niyáng magkakatatapat ang pinaghating hayop.
 Bumaba ang mga buwitre upang kanin ito,
 ngunit itinaboy silá ni Abram.
 Nang kumikiling na ang araw,
 nakatulog nang mahimbing si Abram,
 at nagkaroon ng isang nakatatakót na pangitain.
 Pagkalubog ng araw at laganap na ang dilim,
 biglang may lumitaw na palayok na umuusok,
 at maningas na sulo na dumaan sa pagitan ng pinatay na mga hayop.

At nang araw na yaon,
 nakipagtipan ang Panginoón kay Abram,
 wika niyá:
 "Nangangakó akó na ibibigay sa lahi mo ang lupaing ito,
 mula sa hanggahan ng Egipto hanggang sa Ilog-Eufrates."

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

AWIT 27

Tugón sa Salmo: 2 Linggó sa Apatnapúng Araw

Pa ngi no - ó'y a - king - tang - lów,
 s'yá'y a - king ka - lig - ta - san!

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Tanglaw ko'y ang Poon, aking kaligtasan, kaya walang takót akó kaninuman; sa mga panganib kaniyang iingatan, kaya naman akó'y walang agam-agam.

O Diyós, akó'y dinggin sa aking pagtawag, lingapin mo akó, sa aki'y mahabag. Ang paanyaya mo'y "Lumapit sa akin." Huwag kang magkukubli't kita'y hahanapin!

H'wag kang magagalit, huwag mong itatakwil akóng katulong mo at iyong alipin; tagapagligtas ko, h'wag akóng lisanin!

Akó'y nananalig na bago mamatay masasaksihan ko ang 'yong kabutihan na igagawad mo sa mga hinirang. Sa Panginoóng Diyós tayo'y magtiwala! Ating patatagin ang paniniwala; tayo ay umasa sa kaniyang kalinga!

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAGBASA MULÂ SA SULAT NI SAN PABLO SA MGA TAGÁ-FILIPOS 3:17-4:1 O 3:20-4:1

Mga kapatid:

Magkaisa kayóng tumulad sa halimbawang ipinakita ko sa inyó.

Kami ang gawin ninyóng huwaran.

Masdan ninyó ang lahat ng sumusunod sa mga halimbawang ito.

Tulad ng malimit kong sabihin sa inyó
 – at ngayo’y luhaang inuulit ko
 – marami ang namumuhay bilang mga kaaway ng krus ni Kristo.
 Kapahamakan ang kahihinatnan nila
 sapagkat ang dinidiyós nila ay ang hilig ng kanilang katawan.
 Ikinararangal nila ang mga bagay na dapat sana nilang ikahiya
 at ang pinag-uukulan lang nila ng pansin ay ang mga bagay na panlupa.
 Sa kabilang dakó, ang langit ang tunay nating bayan.
 Mula roo’y hinihintay nating may pananabik
 ang Panginoóng Hesukristo, ang ating Tagapagligtas.

Pagdating ng araw na yaon,
 babaguhin niyá ang ating katawang-lupa at gagawing maluwalhati,
 tulad ng kaniyang katawan,
 sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit niyá sa pagpapasuko sa lahat ng bagay.
 Kaya nga, minamahal kong mga kapatid
 – aking kagalakan at karangalan na lagi kong kinasasabikang makita uli
 – magpakatatag kayó sa inyóng pamumuhay na nakaugnay sa Panginoón.

Magandang Balitá Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAMBUNGAD

40-Araw: Pambungad sa Mabuting Balitá 2

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Sa ulap na maliwanag, ito ang siyáng pahayag, ang D’yos Ama na nangusap: “Ito ang mahal kong Anak, lugod kong dinggin ng lahat.”

ANG MABUTING BALITÀ AYON KAY SAN LUCAS 9:28B-36

Noong panahong iyon:
 Umakyat si Hesús sa bundok upang manalangin.
 Isinama niyá sina Pedro, Juan at Santiago.
 Samantalang siyá’y nananalangin,
 nagbago ang anyo ng kaniyang mukha,
 nagingning ang kaniyang kasuotan na naging putingputi.
 Di kaginsa-ginsa’y lumitaw ang dalawang lalaki
 – sina Moises at Elias na napakitang may kaningningan
 – at nakipag-usap sa kaniyá.

Pinag-usapan nila ang nalalapit na pagpanaw ni Hesús na magaganap sa Jerusalem.
Tulog na tulog si Pedro at ang kaniyang mga kasama,
ngunit silá'y biglang nagising at nakita nila si Hesús na nagniningning at ang dalawang
lalaking nakatayo sa tabi niyá.

Nang papaalis na sa tabi ni Hesús ang mga lalaki,
sinabi ni Pedro,
"Guro, mabuti pa'y dumito na tayo.
Gagawa po kami ng tatlong kubol:
isa sa inyó, isa kay Moises, at isa kay Elias."
Ang totoo'y hindi niyá nalalaman ang kaniyang sinasabi.
Nagsasalita pa siyá nang matakpan silá ng isang ulap,
at silá'y natakót.

At may isang tinig mula sa alapaap na nagsabi,
"Ito ang aking Anak, ang aking Hinirang.
Siyá ang inyóng pakinggan."
Nang tumigil ang tinig,
nakita nilang nag-iisa na si Hesús.
At hindi muna sinabi ng mga alagad kaninuman ang kanilang nakita.

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

"3 LINGGÓ NG APATNAPÚNG-ARAW – C"

PAGBASA MULÂ SA AKLÁT NG EXODO 3:1-8A, 13-15

Noong mga araw na iyon,
si Moises ang nag-aalaga sa kawan ng biyenan niyáng si Jetro.
Minsan, itinaboy niyá ang kawan pabagtas ng disyerto
at nakarating siyá sa Horeb, sa Bundok ng Diyós.
Doon, ang anghel ng Panginoón ay napakita sa kaniyá,
parang ningas sa gitna ng isang mababang punongkahoy.
Kitang-kita ni Moises na nagliliyab ito ngunit hindi nasusunog.
Kaya't nasabi niyá sa kaniyang sarili,
"Kataka-taka ito!
Tingnan ko ngang mabuti
kung bakit di nasusunog gayong nagliliyab."

Nang lalapit na si Moises,
tinawag siyá ng Panginoón buhat sa nagliliyab na punongkahoy,
"Moises, Moises."
"Ano po iyon?" sagot niyá.
Sinabi ng Diyós,
"Huwag kang lumapit.
Hubarin mo ang iyong sandalyas
sapagkat banal na dakó ang kinatatayuan mo.
Akó ang Diyós ng iyong mga magulang
– nina Abraham, Isaac at Jacob."
Tinakpan ni Moises ang kaniyang mukha
pagkat natatakót siyang tumingin sa Diyós.
Sinabi sa kaniyá ng Panginoón,
"Nakita kong labis na pinahihirapan ng mga Egipcio ang aking bayan.
Alam ko ang hirap nilang tinitiiis
at narinig ko ang kanilang daing.
Kaya, bumaba akó upang silá'y iligtas,
ialis sa Egipto at ihatid sa lupaing mayaman,

Sa gayon,
 nabinyagan siláng lahát sa ulap at sa dagat
 bilang tagasunod ni Moises.
 Kumain siláng lahát ng iisang pagkaing espirituwal
 at uminom din ng iisang inuming espirituwal,
 mula sa Batong espirituwal,
 na sumubaybay sa kanila,
 at ang Batong iyon ay si Kristo.
 Gayunman,
 hindi kinalugdan ng Diyós ang marami sa kanila,
 kaya't nagkalat sa ilang ang kanilang mga buto.
 Ang mga nangyaring ito'y babala sa atin
 upang huwag tayong magnasa ng mga masasamang bagay,
 gaya ng ginawa nila.
 Huwag din tayong magreklamo,
 tulad ng ilan sa kanila,
 kaya't nilipol silá ng Anghel na Mamumuksa.
 Nangyari ito sa kanila bilang babala sa iba,
 at nasulat upang turuan tayong mga inabot ng huling panahon.
 Kaya nga,
 mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siyá'y nakatayo,
 baka siyá mabuwal.

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAMBUNGAD

40-Araw: Pambungad sa Mabuting Balitâ 3

D F#m

L'wal - ha - ti at pa - pu - ri sa

G A D

3

'yo, Pa - ngi - no - ong He - su - kris - to!

3

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Sinabi ng Poong mahal: “Kasalanan ay talikdan, pagsuway ay pagsisihan; maghahari nang lubusan ang Poong D’yos na Maykapal.”

ANG MABUTING BALITÀ AYON KAY SAN LUCAS 13:1-9

Dumating noon ang ilang tao
 at ibinalita kay Hesús na ipinapatay ni Pilato ang ilang Galileo
 samantalang ang mga ito'y naghahandog sa Diyós.

Sinabi niyá sa kanila,

“Akala ba ninyó,
higit na makasalanan ang mga Galileong ito kaysa ibang mga tagá-Galilea
dahil sa gayon ang sinapit nila?
Hindi!
Ngunit sinasabi ko sa inyó:
kapag hindi ninyó pinagsisihan at tinalikdan ang inyóng mga kasalanan,
mapapahamak din kayóng lahát.

At ang labingwalong namatay nang mabagsakan ng tore sa Siloe
– sa akala ba ninyó’y higit siláng makasalanan
kaysa ibang naninirahan sa Jerusalem?
Hindi!
Ngunit sinasabi ko sa inyó:
kapag hindi ninyó pinagsisihan at tinalikdan ang inyóng mga kasalanan,
mapapahamak din kayóng lahát.”

Sinabi sa kanila ni Hesús ang talinghagang ito:
“May isang tao na may puno ng igos sa kaniyang ubasan.
Minsan,
tiningnan niyá kung may bunga ito,
ngunit wala siyang nakita.
Kaya’t sinabi niyá sa tagapagalaga ng ubasan,
‘Tatlong taon na akóng pumaparito
at naghahanap ng bunga sa punong ito,
ngunit wala akóng makita.
Putulin mo na!
Nakasisikip lang iyan!’
Ngunit sumagot ang tagapag-alaga,
‘Huwag po muna nating putulin sa taong ito.
Huhukayan ko ang palibot at lalagyan ng pataba.
Kung mamunga po ito sa darating na taon, mabuti;
ngunit kung hindi, putulin na natin!’”

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

"4 LINGGÓ NG APATNAPÚNG-ARAW – C"

PAGBASA MULÂ SA AKLÁT NG JOSUE 5:9A, 10-12

Noong mga araw na iyon:
Sinabi ng Panginoón kay Josue:
“Inalis ko ngayon ang kahihyan ng pagkaalipin ninyó sa Egipto.”
Samantalang nasa Gilgal sa kapatagan ng Jerico ang mga Israelita,
ipinagdiwang nila ang Paskuwa
noong hapon ng ikalabing-apat ng unang buwan.
Kinaumagahan,
araw pa rin ng Paskuwa,
kumain silá ng mga pagkaing inani nila sa lupaing yaon:
sinangag na trigo at tinapay na walang lebadura.
Pagkakain nila ng pagkaing inani sa lupaing iyon,
tumigil na ang pag-ulan ng manna.
Kaya’t mula nang taong iyon,
pagkaing inaani sa Canaan ang kanilang ikinabuhay.

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

AWIT 34

Tugón sa Salmo: 4 Linggó sa Apatnapung-Araw C

Em A D Em A D



Mag su - mikap tayong kam tín ang Pangino-óng bu ti - hin.

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Panginooy aking laging pupurihin;
sa pasasalamat di akó titigil.
Aking pupurihin kaniyang mga gawa,
kayóng naaapi, makinig, matuwa!

Ang pagkadakila niyá ay ihayag
at ang ngalan niyá'y purihin ng lahat!
Ang aking dalangi'y dininig ng Diyós,
nawala sa akin ang lahat kong takót.

Nagalak ang aping umasa sa kaniyá,
pagkat di nabigo ang pagasa nila.
Tumatawag sa Diyós ang walang pag-asa,
silá'y iniligtas sa hirap at dusa.

Magandang Balitá Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAGBASA MULÁ SA 2 SULAT NI SAN PABLO SA MGA TAGÁ-CORINTO 5:17-21

Mga kapatid:

Ang sinumang nakipag- isa kay Kristo ay isa nang bagong nilalang.
Wala na ang dating pagkatao;
siyá'y bago na.
Ang Diyós ang gumawa ng lahat ng ito.
Sa pamamagitan ni Kristo,
ibinilang niyá akóng kaibigan
– di na kaaway
– at hinirang niyá akó upang panumbalikin sa kaniyá ang mga tao.
Ang ibig kong sabihin,
ang tao'y ibinibilang ng Diyós na kaniyang kaibigan sa pamamagitan ni Kristo,
at nililimot na niyá ang kanilang mga kasalanan.
At ipinagkatiwala niyá sa akin ang balitang ito.
Kaya't akó'y sugo ni Kristo;
parang ang Diyós na rin ang namamanhik sa inyó sa pamamagitan ko:
makipagkasundo kayó sa Diyós.
Hindi nagkasala si Kristo,
ngunit dahil sa atin,
siyá'y ibinilang na makasalanan
upang makipag-isa tayo sa kaniyá at mapabanal
sa harapan ng Diyós sa pamamagitan niyá.

Magandang Balitá Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAMBUNGAD

40-Araw: Pambungad sa Mabuting Balitâ I

The musical score is written in G major (one sharp) and common time (C). It consists of four staves. The first two staves are the vocal line and the piano accompaniment. The vocal line has lyrics: "L'wal - ha - ti at pa - pu - ri sa". The piano accompaniment has chords: G, G7, C, D, G. The third and fourth staves are the vocal line and piano accompaniment. The vocal line has lyrics: "'yo, Pa - ngi - no - ong He - su - kris - to!". The piano accompaniment has chords: G, G7, C, D, G. There are triplets in both the vocal and piano parts for the final phrase.

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Babalik akó sa ama, at aamuin ko siyá, sasabihin ko sa kaniyá: “Akó po ay nagkasala sa D’yos at sa ‘yong pagsinta.”

ANG MABUTING BALITÀ AYON KAY SAN LUCAS 15:1-3, 11-32

Noong panahong iyon:

Ang mga publikano at ang mga makasalanan ay nagsisilápit upang makinig kay Hesús.

Nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at ang mga eskriba.

Ang sabi nila:

“Ang taong ito’y nakikisalamuha sa mga makasalanan at nakikisalo sa kanila.”

Kaya’t sinabi sa kanila ni Hesús ang talinghagang ito:

“Isang tao ang may dalawang anak na lalaki.

Ang wika ng bunso, ‘Ama,

ibigay na po ninyó sa akin ang mamamahin ko.’

At binahagi sa kanila ng ama ang kaniyang ari-arian.

Pagkalipas ng ilang araw,

ipinagbili ng bunso ang kaniyang ari-arian at nagtungo sa malayong lupain,

taglay ang buo niyang kayamanan,

at doo’y nilustay na lahat sa di wastong pamumuhay.

Nang malustay na niyá ang kaniyang kayamanan,

nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing yaon,

at nagdalita siyá.

Kaya’t namasukan siyá sa isang mamamayan ng lupaing yaon.

Siyá’y pinapunta nito sa bukid upang mag-alaga ng baboy.

Ibig sana niyang punan ang kaniyang pagkain

kahit ng mga bungangkahoy na ipinakakain sa mga baboy

ngunit walang magbigay sa kaniyá.

Nang mapag-isip-isip niyá ang kaniyang ginawa,

nasabi niyá sa sarili,
 ‘Ang mga alila ng aking ama ay may sapat na pagkain
 – at lumalabis pa
 – samantalang akó’y namamatay ng gutom dito!
 Babalik akó sa kaniyá,
 at sasabihin ko,
 “Ama, nagkasala po akó sa Diyós at sa inyó.
 Hindi na po akó karapat-dapat na tawagin ninyóng anak;
 ibilang na lamang ninyó akóng isa sa inyóng mga alila.”

At tumindig siyá at pumaroon sa kaniyang ama.
 Malayo pa’y natanawan na siyá ng ama at ito’y labis na nahabag sa kaniyá,
 kaya’t patakbo siyang sinalubong, niyakap, at hinagkan.
 Sinabi ng anak,
 ‘Ama, nagkasala po akó sa Diyós at sa inyó.
 Hindi na po akó karapat-dapat na tawagin ninyóng anak.’

Ngunit tinawag ng ama ang kaniyang mga alila,
 ‘Madali!
 Dalhin ninyó rito ang pinakamahasay na damit at isuot sa kaniyá.
 Suutan siyá ng singsing at panyapak.
 Kunin ang pinatabang guya at patayin;
 kumain tayo at magsaya!
 Sapagkat namatay na ang anak kong ito;
 ngunit muling nabuhay;
 nawala, ngunit nasumpungan.’ At silá’y nagsaya.

Nasa bukid noon ang anak na panganay.
 Umuwi siyá,
 at nang malapit na sa bahay ay narinig niyá ang tugtugan at sayawan.
 Tinawag niyá ang isa sa mga alila at tinanong:
 ‘Bakit? May ano sa atin?’
 ‘Dumating po ang inyóng kapatid!’ tugon ng alila.
 ‘Ipinapatay ng inyóng ama ang pinatabang guya,
 sapagkat nagbalik siyang buhay at walang sakit.’
 Nagalit ang panganay at ayaw itong pumasok sa bahay.
 Kaya’t lumabas ang kaniyang ama at inamu-amo siyá.

Ngunit sinabi nito,
 ‘Pinaglingkuran ko po kayó sa loob ng maraming taon,
 at kailanma’y hindi ko kayó sinuway.
 Ngunit ni minsa’y hindi ninyó akó binigyan
 ng kahit isang bisirong kambing para magkatuwaan kami ng aking mga kaibigan.
 Subalit nang dumating ang anak ninyóng
 lumustay ng inyóng kabuhayan sa masasamang babae,
 ipinagpatay pa ninyó ng pinatabang guya!’

Sumagot ang ama,
 ‘Anak, lagi kitang kapiling.
 Ang lahát ng ari-arian ko’y sa iyo.
 Ngunit dapat tayong magsaya at magalak,
 sapagkat namatay na ang kapatid mo,
 ngunit muling nabuhay;
 nawala, ngunit nasumpungan.’ ”

"5 LINGGÓ NG APATNAPÚNG-ARAW – C"

PAGBASA MULÀ SA AKLÁT NG ISAIAS 43:16-21

Ito ang sinasabi ng Panginoón,
 na s'yang gumawa ng landas,
 upang may maraanan sa gitna ng dagat.
 Sa kapangyarihan n'ya ay kaniyang nilupig ang malaking hukbo.
 Nilipol niyá ang kanilang mga kabayo.
 At ang mga karwahe'y winasak,
 silá'y nangabuwal at di na nakabangon.
 Parang isang ilaw,
 na namatay ang ningas.
 Ito ang sabi niyá:
 "Ang mga nangyari no'ng unang panahon,
 ilibing sa limot,
 limutin na ngayon.
 Narito,
 at masdan ang nagawa ko'y isang bagong bagay
 na hanggang sa ngayo'y di mo namamasdan.
 Akó'y magbubukas ng isang landasin sa gitna ng ilang,
 maging ang disyerto ay patutubigan.
 Akó'y igagalang niyong mga hayop na pawang mailap,
 gaya ng avestrus at ng asong-gubat;
 ang dahilan nito,
 sa disyerto akó'y nagpabukal ng saganang tubig
 para may mainom ang aking hinirang.
 Silá'y nilalang ko at aking hinirang,
 upang akó'y kanilang papurihan!"

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

AWIT 126

Tugón sa Salmo: 5 Linggó sa Apatnapung-araw – C

G C D G

The musical score is written in 3/4 time with a key signature of one sharp (F#). It consists of two systems of music. The first system has four measures, with lyrics 'Ga - wâ ng D'yós ay da - ki - là ka -'. The second system has four measures, with lyrics 'yâ ta - yo na - tu - tu - wâ!'. Chord symbols G, C, D, G, Am, and D are placed above and below the staves. The melody is in the treble clef, and the bass line is in the bass clef. There are repeat signs at the end of the second system.

Am D G

6

6

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Nang lingapin tayo ng Diyós at sa Sion ay ibalik,
ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panaginip.
Lahát tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit.

Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid,
"Ang ginawa ng Diyós nila ay dakila, anong rikit!"
Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa,
kaya naman kami ngayon, kagalaka'y di-kawasa!

Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis,
sa sariling bayan namin, kami, Poon, ay ibalik.
Siláng mga nagbubukid na nagtanim na may luha,
bayaan mo na mag-aning masasaya't natutuwa.

Yaong mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis,
ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik!

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAGBASA MULÂ SA SULAT NI SAN PABLO SA MGA TAGÁ-FILIPOS 3:8-14

Mga kapatid:

Inari kong kalugihan ang lahát ng bagay
bilang kapalit ng lalong mahalaga,
ang pagkakilala kay Kristo Hesús na aking Panginoón.
Ang lahát ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan
makamtan ko lamang si Kristo,
at lubos na makiisa sa kaniyá.
Hindi ko na hangad na maging matuwid
sa pamamagitan ng kautusan
kundi sa pananalig kay Kristo.
Ang pagiging matuwid ko ngayon ay kaloob ng Diyós
batay sa pananampalataya.
Ang tanging hangarin ko ngayon ay lubusang makilala si Kristo,
maranasan ang kapangyarihan ng kaniyáng pagkabuhay na mag-uli,
makihati sa kaniyáng mga hirap,
at matulad sa kaniyá
– pati sa kaniyáng kamatayan
– sa pag-asang akó ma'y muling bubuhayin.
Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito.
Hindi rin sa akó'y ganap na,
ngunit sinisikap kong maisakatuparan ang layunin ni Kristo Hesús
nang tawagin niyá akó.
Mga kapatid,
hindi ko ipinalalagay na natupad ko na ang mga bagay na ito.
Ang ginagawa ko ngayo'y nililimot ang nakaraan
at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap.
Nagpapatuloy nga akó tungo sa hangganan
upang kamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyós sa pamamagitan ni
Kristo Hesús,
ang buhay na hahantong sa langit.

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

PAMBUNGAD

40-Araw: Pambungad sa Mabuting Balità 2

The musical score is written for guitar and voice. It consists of two systems. The first system has a treble clef with a key signature of two sharps (F# and C#) and a common time signature (C). The guitar part is indicated by chords D, A, and G above the staff. The lyrics are 'L'wal - ha - ti at pa -'. The second system has a bass clef with the same key signature and time signature. The guitar part is indicated by chords D, D/A, A, and D below the staff. The lyrics are 'pu - ri sa 'yo, Pa ngi no - ong He - su - kris - to!'. There are triplets marked with a '3' above the notes in both systems.

Tugtugin © 2010 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

Magsisi tayong mataós, halinang magbalík-loób sa mapagpatawad na Diyós. Sa kaniyá tayo'y dumulóg at manumbalík na lubós.

ANG MABUTING BALITÀ AYON KAY SAN JUAN 8:1-11

Noong panahong iyon,
si Hesús ay pumunta sa Bundok ng mga Olibo.
Kinaumagaha'y nagbalik siyá sa Templo.
Lumapit sa kaniyá ang lahát,
kaya't umupo siyá at silá'y tinuruan.

Noo'y dinala sa kaniyá ng mga eskriba at ng mga Pariseo
ang isang babaing nahuli sa pakikiapid.
Pinatayo ito sa harapan nila,
at sinabi kay Hesús,
"Guro, ang babaing ito'y nahuli sa pakikiapid.
Ayon sa Kautusan ni Moises,
dapat batuhin hanggang sa mamatay ang mga gaya niyá.
Ano ang masasabi mo?"
Itinanong nila ito upang subukin siyá,
nang may maisumbong silá laban sa kaniyá.
Ngunit yumuko si Hesús at sumulat sa lupa sa pamamagitan ng daliri.

Ayaw nilang tigilan nang katatanong si Hesús,
kaya't silá'y tiningnan niyá at sinabi ang ganito,
"Sinuman sa inyó na walang kasalanan ang siyáng maunang bumato sa kaniyá."

At muli siyáng yumuko at sumulat sa lupa.
Nang marinig nila ito,
silá'y isa-isang umalis,
simula sa pinakamatanda.
Walang naiwan kundi si Hesús
at ang babaing naroon pa rin sa harapan niyá.

Tiningnan siyá ni Hesús at tinanong:

“Nasaan silá?
Wala bang nagparusa sa iyo?”
“Wala po,
Ginoo,” sagot ng babae.
Sinabi ni Hesús:
“Hindi rin kita parurusahan.
Humayo ka,
at huwag nang magkasala.”

Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph

'TAÁS ANG KRUS



C Am Dm G C G

Moderato (♩ = c. 98)

'Ta - as ang krus, Si Kristo'y i - ha - yag hang-

C Am F C G C

5 gang la - hat ka - n'yang nga-lan sam ba - hin. *Fine*

Em D Bm G C D G Em

9

1. Su - nod na ta - yo sa Pa ngi - no - on pa -
 2. Si Kris - to ang da - an, ka-to - to - ha - nan
 3. Ti - nu - bos ta - yo ng du go ni Kris - to,
 4. Ka - da - ki - la - an ng i - pi - na - ko sa

Am D G Bm C D G

13 *D.C. al Fine*

1. tu - ngo sa bu - hay ng ka-ba - na - lan.
 2. at s'ya ang bu - hay na walang hang - gan.
 3. Ta - yong duk - ha na - ging a-nak ng D'yos.
 4. krus, ha - bang bu - hay, a - a - wi - tin ko.

Titik Filipino: © 2005 Victor Eclar Romero
 Himig: CRUCIFER, Sydney H. Nicholson, 1875-1947
 © 1978 Hope Publishing Co.

Hesús, ikáw ang kalágitnaán ng aking buhay.

HESÚS, TANDAÁN AKÓ

E^b B^b

He-sús, tan-da-án a - kó, pag - da tíng sa ka - ha -
 I - sáng pu - song ta - pát sa _____ a - ki'y _____
 Big - yán mo _____ O _____ D'yós nang _____ ba - gong dam
 He-sús, tan-da-án a - kó, pag - da tíng sa ka - ha -

E^b C^m A^b

4 ri - an mo. He - sús, tan - da - án a - ko,
 lik - ha - ín, i - sáng pu - song ta - pát
 da - mín, Big - yán mo, _____ O _____ D'yós
 4 ri - an mo. He - sús, tan - da - án a - ko,

B^b E^b

7 pag - da - tíng sa ka - ha - ri - an mo.
 sa _____ a - - - ki'y _____ lik - ha - ín.
 nang _____ ba - - - gong _____ dam - da - mín.
 7 pag - da - tíng sa ka - ha - ri - an mo.

Titik: 1. Lukas 23:42; Taizé-Communauté. 2 at 3. Awit (Salmo) 51.
 Tugtugin: Jacques Berthier, 1923-1994.
 © 1981 Ateliers et Presses de Taizé, F-71250 Taizé-Communauté.
 Isinalin at isinaayos sa Filipino ni Victor Eclar Romero. www.magsimba.com

Hesús, ikaw ang kalágitnaán ng aking buhay.